PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | **www.pinoyrice.com**

Bakit mahalaga ang Pagpapataba

- Ang pagpapataba ay nakatutulong sa magandang paglaki ng palay, pagbuo ng mga uhay, at pagkamit ng pinakamataas na ani na kaya ng barayti. Mainam na masubaybayan ang tamang nutrisyon ng palay simula sa pagsusuwi hanggang paglilihi at pamumulaklak.

- Madalas nagiging pandak, naninilaw at hindi masigla ang palay na kulang sa nutrisyon.



Tataas ba ang ani kung nag-aaplay ng pataba?

Hindi garantiya ang pag-aaplay ng pataba upang tumaas ang ani. Ang mga sumusunod ay mga maaaring dahilan:

- Maaaring ang abonong inilagay ay hindi nagbibigay ng lahat ng sustansyang kailangan ng halamang palay. Ang dami ng abono at tubig ay hindi sapat o maaaring sobra.

- Maaaring inilagay ang abono sa maling panahon at lugar.

  Ang pag-aaplay ng abono ay kailangang naaayon sa pangangailangan ng halaman at sa kung ano ang sapat at kapos na sustansiya sa lupa.

  Iminumungkahi ang paggamit ng Minus-One Element Technique upang masuri ang pangangailangan ng lupa.

  Gumamit ng Leaf Color Chart upang malaman ang tamang panahon sa pag-aaplay ng nitroheno.

Reviewed by: Dr. Constancio A. Asis, Jr., PhilRice

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice